# Mga Pagsusuri sa Epekto sa Kalusugan – Isang Pagpapakilala

https://youtu.be/Fe59CxyttNk?feature=shared **(sa English)**

Kumusta, ako po si Lindsay, at bahagi ako ng pangkat na nagsusulat ng Mga Pagsusuri sa Epekto sa Kalusugan (o H-I-Rs). Ang HIR ay isang obhetibo at walang kinikilingang analisis na gumagamit ng ebidensiya upang matukoy kung paano maaaring maapektuhan ng isang panukalang batas o badyet ang kalusugan at ekidad o pagiging patas sa Washington State. Ang HIRs ay nagbibigay sa mga tagapagpasya ng impormasyong partikular sa patakaran mula sa lente ng kalusugan at ekidad.

Ang sinumang Mambabatas ng Washington State o ang Gobernador ay maaaring humiling ng HIR, at puwede nila itong isagawa batay sa anumang paksa ng patakaran, hangga't hindi pa naipapasa bilang batas ang panukala. Inaatasan kaming magsagawa ng HIRs sa loob ng 10 araw habang ginaganap ang Sesyong Pambatasan, at mas maluwag ang panahong inilalaan sa amin kapag walang sesyon ang lehislatura.

Maraming dahilan kung bakit maaaring humiling ng HIRs ang mga mambabatas. Maaaring gamitin ng ilang mambabatas ang mga resulta ng HIR upang alamin ang mga posibleng epekto kung maisasabatas ang isang panukala, upang talakayin ang isang panukala sa kanilang mga kasamahan, o upang gawan ng mga pagbabago ang isang panukala.

Nasa website ng Lupon ng Kalusugan ng Estado ang lahat ng naisagawang HIRs.

Para sa iba pang impormasyon, bisitahin ang www.sboh.wa.gov/hir (sa English).